BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Pinanukalang 2022 Badyet ng Brampton nakasentro sa pagiging sustenable, mga pagkakataon sa pag-unlad at isang madaling nakakabangon na kinabukasan

BRAMPTON, ON (Nobyembre 9, 2021) – Ang Pinanukalang 2022 Badyet ng Lungsod ng Brampton ay makikita na ngayon online. Ang Pinanukalang 2022 Badyet ay sumusuporta sa mga prayoridad ng Termino ng Konseho, at ito ay nakasentro sa pagiging sustenable, mga oportunidad ng pag-unlad at pagka-madaling nakakabangon habang patuloy na dinadaanan at umaabante ang Lungsod mula sa pandemyang COVID-19. Magsisimula ang mga deliberasyon ng Badyet sa Nobyembre 29, 2021, na ang pag-apruba ng pinal na Badyet ay nakatakda para sa Disyembre 8.

Ang kumpletong talaan ng mga mahalagang petsa para sa mga pagpupulong ng Komite sa Badyet, mga highlight sa Badyet, at ang kumpletong panukala sa Badyet ay makikita sa website ng Lungsod. Tinatanggap ng Lungsod ang rebyu ng publiko at ang feedback para sa Pinanukalang 2022 Badyet.

Para ihatid ang umiiral na mga programa at serbisyo ng Lungsod, panatilihin sa sustenableng antas ang imprastraktura at maghanda para sa mga paglago sa hinaharap, ang panukala ng Lungsod sa Komite sa Badyet ay isang 2.7 porsyentong dagdag sa buwis sa ari-arian. Kung maaprubahan, ang 2022 bayarin sa buwis sa ari-arian ay magpapakita ng 1.3 porsyentong pagtaas sa buwis sa ari-arian para sa mga serbisyo ng Lungsod, 1.5 porsiyento para sa mga serbisyo ng Rehiyon ng Peel at 0 porsiyento para sa School Boards. Ang kabuuang dagdag sa buwis sa ari-arian ay magiging average na $142 bawat sambahayan. *(ang mga halaga at persentahe ay maaaring hindi tutugma sa mga total dahil sa pag-round up ng mga figure)*

Sa panahon ng mga deliberasyon ng Badyet, ang iba't ibang mga oportunidad ay ipipresenta para dagdagan o bawasan ang pinanukalang tax levy, kabilang ang potensyal na levy sa ospital.

**Mga susing highlight sa panukala sa 2022 Badyet**

- $53.2M para sa bagong konstruksyon ng panlibanang mga pasilidad, kabilang ang isang youth hub at Sports Hall of Fame.
- $4.6M para sa bago o pinagandang mga parke ng kapitbahayan, upgraded na mga pathway, sports fields, mga playground, at mga trail.
- $9.1M sa loob ng tatlong taon para sa pagdadagdag sa mga pagkaaktaon ng edukasyon, pangengempleo, at paglago ng negosyo sa downtown Brampton; $13.4M para sa mga inisyatiba sa rebitilisasyon ng downtown Brampton; at $20M para ihanda ang konstruksyon ng Centre for Innovation.
- $19M para sa mga bagong bus; karamihan ay magiging de-kuryente; $17M para sa ekspansyon ng Züm service sa Chinguacousy Road corridor ($3.3M sa 2022)
- $22.6M para sa resurfacing, reconstruction at iba pang pagpapa-improve sa mga daan

- $100M sa loob ng tatlong taon na proyekto sa Riverwalk ($9.3M sa 2022) para sa mitigasyon sa baha at pag-unlock sa mga potensyal sa ekonomiya
- Internship at mga programa sa Co-op para sa mga kabataan na Black at Katutubo; programa sa Diversity, Pagkakapantay-pantay at Pagsasali sa Lahat para sa Brampton Library
- Walong bagong Automated Speed Enforcement camera para sa mas ligtas na mga daan

**Iparinig ang inyong boses**

Hinihikayat ng Lungsod ang mga residente, negosyo at stakeholder na rebyuhin ang mga pinanukalang badyet at ibigay ang inyong feedback sa alinman sa sumusunod na paraan:

- Mag-email: Magtanong o magbigay ng komento sa budget@brampton.ca.
- Damputin ang telepono: Tawagan ang 311 para magbigay ng input.
- Sumali sa pagkakataon sa pakikilahok: Ang mga negosyo ay pwedeng dumalo sa isang birtwal na pakikilahok sa Nobyembre 16 mula 9:30 hanggang 10:30 am. Maaaring lumahok ang mga residente sa Tele Town Hall sa Nobyembre 16 mula 6:45 hanggang 8:15 pm, kung saan ang random na mapagpipiliang mga numero ng telepono ay tatawagan. Para mag-register para sa mga engagement na ito, bisitahin ang www.brampton.ca/budget.
- Delegate: Magsumite ng isang delegation request para makipag-usap sa Komite sa Badyet o sa pagpupulong ng Konseho para sa pag-apruba sa Badyet.
- Makilahok: magtanong kaugnay sa agenda sa araw bilang bahagi ng panahon ng pagtatanong ng publiko sa dulo ng pagpupulong ng Komite sa Badyet.

**Mga Quote**

"Ang Pinanukalang 2022 Badyet ng Brampton ay nakasentro sa pinansyal na pagiging sustenable at pagka-madaling nakakabangon, na kaayon ng Mga Prayoridad sa Termino ng Konseho. Bilang isang progresibong lungsod na may matapang na pananaw, nilalayon natin na lumikha ng mga oportunidad habang bumabangon tayo mula sa pandemya, minimintina ang mga pasilidad, pampublikong espasyo, mga programa at serbisyo ng Lungsod na nakakaambag sa kalidad ng buhay ng mga residente, at dinagdagan ang mga lugar sa ating komunidad na umaambag sa mas nakakalusog na uri ng pamumuhay. Committed ang Lungsod sa isang bukas at malinaw na proseso ng badyet, at hinihikayat ang mga residente na makilahok at iparinig ang kanilang boses."

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Bilang isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, ang Brampton ay pinansyal na malakas at nakapokus sa pang-ekonomiyang pagka-madaling nakakabangon at sustenableng mga pamumuhunan para umangat mula sa pandemya at hubugin ang kinabukasan ng ating lumalaking komunidad. Pinaplano ang badyet ng Brampton sa panahon ng nagpapatuloy na pandemya, ang Lungsod ay nananatiling fiscal na maingat, at patuloy na sinasaliksik ang lahat ng pagkakataon para sa pinansyal na pagiging sustenable sa hinaharap. Ang Pinanukalang Badyet ay umpisa para sa karagdagang input, mga diskusyon at prayoritisasyon. Iniimbitahan ang mga residente na magbigay ng kanilang feedback sa pamamagitan ng maraming mapapakinabangang pagkakataon sa pakikilahok."

*- Nash Damer, Treasurer, Lungsod ng Brampton*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca